



Pebrero 12, 2025

Makipag-ugnayan kay:
Sheri Pierce, 279-203-1426
spierce@calquake.com
Patrick George, 916-202-1982
pgeorge@ka-pow.com

AVAILABLE NA ANG MGA EARTHQUAKE BRACE + BOLT GRANT PARA SA MGA KWALIPIKADONG MAY-ARI NG BAHAY SA CALIFORNIA

Ang programang seismic-retrofit ay nag-aalok ng mga grant hanggang \$3K upang makatulong sa pagpapabuti ng kaligtasan ng mas lumang mga bahay sa higit na 1,100 ZIP Code.

Sacramento, CA – Pebrero 12, 2025 – Simula na ang aplikasyon para sa 2025 Earthquake Brace + Bolt grant, ayon sa isang anunsyo ngayong araw ng California Residential Mitigation Program ([CRMP](#)). Nag-anunsyo ang California Residential Mitigation Program ([CRMP](#)) ng pagbubukas ng aplikasyon para sa kanilang grant na Earthquake Brace + Bolt sa taong 2025. Kwalipikado na ngayon ang mga may-ari ng bahay sa California na mag-apply para sa mga seismic retrofit grant ng Earthquake Brace + Bolt ([EBB](#)), upang makatulong na gawing mas matibay ang kanilang bahay laban sa pinsala ng lindol. Sa taong ito, may 303 bagong mga ZIP Code ang nadagdag, at ang kabuuang bilang ng mga kwalipikadong ZIP Code ay 1,118. Simula ngayon, Enero 15, 2025, at magpapatuloy hanggang Marso 26, 2025, maaaring mag-apply ang mga kwalipikadong may-ari ng bahay ng hanggang \$3,000 na mga seismic retrofit grant sa EarthquakeBraceBolt.com.

Mahigit \$20 milyon na pondo sa grant ang magagamit upang matugunan ang gastusin ng mga seismic retrofit na magpapahigpit sa mga mas lumang bahay sa kanilang mga pundasyon at magbibigay suporta sa mga pader ng crawl space, kung mayroon, upang gawing mas matibay ang mga ito laban sa pinsala ng lindol. Mula nang ilunsad ang programa ng EBB noong 2013, mahigit 28,500 may-ari ng bahay sa California ang nakatanggap ng tulong para sa pagpapatibay ng kanilang mga bahay laban sa pinsala ng lindol. Ang programang grant ng EBB ay pinangangasiwaan ng California Residential Mitigation Program ([CRMP](#)), isang Joint Powers Authority sa pagitan ng California Earthquake Authority ([CEA](#)) at California Governor's Office of Emergency Services ([Cal OES](#)).

"Ang pagpapatibay ng mga bahay sa pamamagitan ng programang Earthquake Brace + Bolt ay hindi lamang nakakabawas sa posibilidad ng mamahaling pinsala ngunit nagbibigay din ng kapanatagan sa mga may-ari ng bahay dahil alam nilang mas handa ang kanilang mga ari-arian na makayanan ang mga seismic na kaganapan," sabi ni Janiele Maffei, Chief Mitigation Officer, California Earthquake Authority. "Sa pamamagitan ng paghihikayat ng mas maraming aplikasyon sa taong ito, nagsisikap kaming makagawa ng malaking epekto sa pagprotekta sa mga bahay at pamilya sa California mula sa mga mapanirang epekto ng mga lindol.

Ang mga may-ari ng bahay na kwalipikado ayon sa sweldo ay maaari ring maging kwalipikado para sa mga supplemental grant. Hanggang \$7,000 na karagdagang grant ang magagamit para sa mga sambahayan na may taunang kita na hindi hihigit sa \$89,040, na maaaring magbigay ng hanggang 100% ng mga pondong kailangan upang matugunan ang isang seismic retrofit. Ang mga grant ay nakasalalay sa pagtugon sa mga kinakailangan sa pagiging kwalipikado at mga magagamit na pondo.

"Ang mga retrofit sa lindol ay isang pundasyon sa paglikha ng mas ligtas at mas matatag na California. Sa pamamagitan ng pagliligtas sa mas lumang mga bahay gamit ang mga napatunayang hakbang sa pagpapatibay sa lindol, hindi lang namin pinoprotektahan ang mga pamilya at pamumuhunan nila kung hindi binabawasan din

namin ang maaaring maging problema sa mga komunidad sa panahon ng isang malaking lindol," sabi ni Tom Welsh, Chief Executive Officer ng California Earthquake Authority. "Ang bawat pag-retrofit ng bahay ay naglalapit sa atin sa isang mas matatag na California."

Simula Enero 15 hanggang Marso 26, 2025, maaaring mag-apply ang mga kwalipikadong may-ari ng bahay para sa isang retrofit grant sa [EarthquakeBraceBolt.com](https://www.EarthquakeBraceBolt.com), kung saan makakahanap din sila ng detalyadong impormasyon ng programa, makakapili ng sinanay na pangkalahatang contractor na lisensyado sa California [matitingnan ang buong listahan ng mga ZIP Code](#) at mga lugar ng programa. Kabilang sa mga ZIP Code sa bagong programa ng EBB ang mga lugar sa loob at sa paligid ng Los Angeles County, Riverside at San Diego.

Tungkol sa Earthquake Brace + Bolt (EBB)

Itinatag ng California Residential Mitigation Program, ang EBB ay nag-aalok ng hanggang \$3,000 upang tulungan ang mga may-ari ng bahay sa California sa pag-retrofit ng kanilang bahay at bawasan ang potensyal na pinsala mula sa mga lindol. Ginagawang mas matibay ng isang residential seismic retrofit ang isang bahay laban sa aktibidad ng lindol, tulad ng pagyanig ng lupa at pagkabigo ng lupa, sa pamamagitan ng pagpapahigpit ng bahay sa pundasyon nito at pagdaragdag ng bracing sa paligid ng crawl space. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring bisitahin ang: <https://www.EarthquakeBraceBolt.com>.

Tungkol sa California Residential Mitigation Program (CRMP)

Ang CRMP ay itinatag noong 2011 upang tulungan ang mga taga-California na pagtibayin ang kanilang mga tahanan laban sa pinsala mula sa mga lindol. Ang CRMP ay isang joint powers authority na nilikha ng California Earthquake Authority at California Governor's Office of Emergency Services. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring bisitahin ang: <https://www.californiarresidentialmitigationprogram.com/>.

###